# REMEMBER THIS

FILIPINO **WEEK 1**

## “Mahal Ko Kayo”

### WARM-UP

- Pangalanan ang isang matagal mo ng kaibigan. Anong uri ng pagkakaibigan ang mayroon kayo?
- May pagkakataon ba na kinailangan mong makipag-ayos sa isang kaibigan matapos ang isang pagtatalo? Ano ang nangyari?
- Ikuwento ang isang pagkakaton na napili ka para sa isang bagay na gustong-gusto mong gawin. Ano ang naging pakiramdam mo?

### WORD

1 *Ito ang mensahe ng Panginoon para sa mga taga-Israel sa pamamagitan ni Malakias.* 2 *Sinabi ng Panginoon, “Mahal ko kayo.” . . .* **MALAKIAS 1:1,2**

(Basahin din ang **MALAKIAS 1:3-5.**)

Ang una at ikalawang grupo ng mga ipinatapon na Israelita ay nagbalik sa Jerusalem upang muling itatag ang Templo at ang mga pader ng lungsod. Iyon ang dahilan kung bakit nang dumating ang ikatlong grupo ng mga ipinatapon, inisip nila na ang kanilang buhay ay magiging tulad na ng dati, bago sila maging maipatapon. Subalit, dahil sa sila’y isa pa ring probinsya ng Imperyo ng Persia at hindi sila umuunlad, pinagdudahan nila ang kalikasan ng Diyos—ang Kanyang pag-ibig at katapatan sa kanila. Dahil dito, tinalikuran nila ang tamang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Sa pamamagitan ng propetang si Malakias, pinaalalahanan sila ng Diyos na pinili sila ng Diyos sa simula pa lamang, at na hindi nagbago ang Kanyang kalikasan. Minahal na sila ng Diyos sa simula pa lamang, at pipiliin Niyang mahalin sila hanggang sa huli.

## 1 Minahal ng Diyos ang Kanyang mamamayan.

*[2]Sinabi ng Panginoon, "Mahal ko kayo. Bakit itinatanong pa ninyo, 'Paano mo kami minahal?' Alalahanin ninyo na kahit magkapatid sina Esau at Jacob, minahal ko si Jacob [3]pero hindi si Esau. Winasak ko ang kanyang mga kabundukan, kaya naging tirahan na lamang ito ng mga asong-gubat."*

**MALAKIAS 1:2,3**

Ang unang sinabi ng Panginoon sa aklat ni Malakias ay, *"Mahal ko kayo."* Matapos piliin ng Diyos ang mga mamamayan ng Israel, 1500 taon bago ang panahon ni Malakias, buong katapatan Niya silang pinangalagaan. Sa kabila ng kanilang kasalanan, hindi pagsunod, at katigasan ng ulo, niligtas Niya sila mula sa pagkagutom, pagkaalipin, at pagkabihag, at dinala sila sa Lupang Ipinangako. Walang duda na pinili at minahal ng Diyos ang Israel mula pa sa simula. Ayon sa Mga Taga-Efeso 1:4,5, tayo rin ay kabilang sa Kanyang mamamayan sa pamamagitan ng kaligtasang mula kay Cristo. Paano ka minahal ng Diyos (Mga Taga-Roma 5:8)? Ibahagi ang isang kuwento ukol dito.

## 2 Patuloy na mamahalin ng Diyos ang Kanyang mamamayan.

*"Makikita ninyo ang kanilang pagkawasak at sasabihin ninyo, 'Makapangyarihan ang Panginoon kahit sa labas ng Israel.'"*
**MALAKIAS 1:5**

Nang salakayin ang Israel at bihagin ang kanyang mga mamamayan, hinayaan lamang ng Edom ang kanyang pagbagsak at ikinagalak pa nila ito. Pinagnakawan nila ang bayan at ibinigay sa Babylon ang mga nakaligtas (Obadias 10-14). Gayunpaman, ipinangako ng Panginoon na makikita ng Israel ang Kanyang kadakilaan maging sa *labas ng Israel.* Sinasabi ng Diyos sa kanila na mahal Niya sila, at na pipiliin Niyang mahalin sila hanggang sa huli. Sa pamamagitan ni Cristo, lahat tayong mga sumusunod sa Kanya ay naging Kanyang mga mamamayan. Paano inilarawan ni Apostol Pablo sa Mga Taga-Efeso 3:14-19 ang pag-ibig ng Diyos?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na pinili ka ng Diyos sa umpisa pa lamang, at na pinili na ng Diyos na mahalin ka hanggang sa huli? Paano ka lalago sa ugnayan mo sa Kanya ngayong linggo?
- Naniniwala ka ba na pinili na ng Diyos na mahalin at pangalagaan ka sa lahat ng sitwasyon? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin simula ngayon upang maalalang makinig sa Kanyang tinig at mas maintindihan ang kagustuhan Niya?
- Paano mo maibabahagi sa iyong kapamilya o kaibigan ngayong linggo ang kuwento ng pagmamahal at pagkalinga ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpili sa iyo simula pa sa umpisa at sa pagpiling mahalin ka hanggang sa huli. Ipanalangin na lagi mo itong maalala.
- Hingin sa Diyos na mas makilala mo Siya at ang mga ipinangako Niya para sa iyo. Ipanalanging magkaroon ka ng pananampalataya na maniwalang matutupad ang mga pangakong ito.
- Ipanalangin ang iyong mga kapamilya at kaibigan na kailangang makaalam sa katapatan ng Diyos sa kanilang buhay. Ipanalangin ang mga pagkakataong maibahagi ngayong linggo ang pag-ibig at pagkalinga sa kanila ng Diyos.

## NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph